



# Chapter One

“P- pakiulit n’yo nga po ang sinabi ninyo?”  
Pangiwing inilayo ni Georgina ang telephone receiver sa tainga. Kahit ilang inches na ang layo niyon sa kanya, dinig pa rin niya ang galit na tinig ni Mrs. Tessie Abrenico, nagpakilalang immediate boss ng kapatid niyang si Divine.

Hinihingi na nito ang perang ini-invest nito diumano sa *business* niya. It amounted to a hundred thousand pesos.

Hindik na tinitigan niya ang receiver na parang anumang oras ay lalabas doon ang galit na mukha ng babaeng kanyang kausap.

“E-Eh, Ma’am... a-ano po kasi, m-mukhang hindi lang po kayo nagkaintindihan. W-wala po dito si Divine pero....”

Napangiwi na naman siya sa muling pagtatalak nito. Binigyan siya nito ng deadline. Kung hindi niya maibabalik ang pera hanggang sa katapusan ng buwan, idedemanda na siya nito.

Nanlulumong napaupo si Georgina sa sofa matapos ibaba ang telepono.

One hundred thousand pesos? Plus pa iyong fifty thousand na sinisingil sa kanya ni Mang Ambo na may-ari ng grocery store sa may kanto nila noong isang araw. At iyong eighty thousand na galing naman sa anim na



high school friends ni Divine, na hindi na nakapagpigil at sinugod pa siya sa opisina.

Kung susumahin, may utang siyang two hundred thirty thousand pesos sa iba't ibang tao. Puwera pa iyong tubo na supposedly ay kinita ng pera ng mga ito sa pag-i-invest sa *business* niya.

Ano bang business, eh, pagtitinda lang naman ng cosmetic products ang sideline niya bukod sa trabaho niya bilang accounting clerk sa isang maliit na kompanya?

At ni singkong duling mula sa mahigit two hundred thousand na iyon ay hindi niya nahawakan!

“Naku, tatamaan ka talaga sa aking Divine ka!”  
nanggigigil na asik ni Georgina.

Kung kaharap nga lang niya ang nakababatang kapatid, baka nasabon na niya ito nang walang banlawan.

Dalawa na lamang sila ni Divine na magkasamang namumuhay sa bahay na pamana sa kanila ng namayapang mga magulang. Aminado siyang pasaway ang kapatid. Impulsive, ambisyosa, irresponsible...

Pero hindi niya kailanman inasahan na magagawa nitong manloko ng ibang tao para lang magkapera! At mas masama pa, pangalan niya ang isinangkalan nito. She even forged her signature sa kontrata kuno na ipinamudmod nito.

Tuloy, wala siyang masabing matino sa mga nangharass sa kanya. Dahil clueless din si Georgina sa ginawang kalokohan ng kapatid.

Inis na hinagilap niya ang cellphone at tinawagan ito. Nakamahigit sampung tawag na yata siya rito mula pa kaninang umaga. Hindi pa kasama iyong load na naubos niya sa loob ng nakalipas na tatlong araw sa kasusubok na tawagan ang babae o di kaya ay i-text para lang makausap.



“Buwiset!” Naibato niya ang cellphone sa sofa.

Katulad ng dati, unattended na naman ang number ni Divine.

Naisuklay ni Georgina ang mga daliri sa buhok. She groaned out loud in frustration. Hindi lang galit ang nararamdaman niya. Kahit naman kasumpa-sumpa ang ginawa ng kapatid, hindi pa rin niya mapigilang mag-alala. Mag-iisang linggo na itong hindi umuuwi sa kanila.

“Bestie!”

Nagulat siya sa malakas na sigaw ni Marimar, ang best friend niyang bakla. Hangos itong pumasok sa bahay nila, nilagpasan siya at dumerecho sa kusina. Nang sundan niya ito ay nakita niyang iniinom na nito ang natirang iced tea sa pitsel na kinuha nito sa fridge.

“Okay ka rin talagang bakla ka,” pauyam na puna niya rito. “Ni hindi ka na nga kumatok bago ka pumasok, talagang dito ka pa nakiinom ng iced tea?”

Nakangusong hinimas-himas nito ang kanyang braso. “Sorry na, Bestie. Bothered lang kasi *akesh*. At saka worried ako sa iyo. Kita mo nga, mukha ka nang *lukring*.”

Patamad siyang umupo sa silya. Alam na ni Marimar ang kanyang problema. Naikuwento na ng dalaga rito noon pang matapos siyang sugurin sa kanyang opisina ng mga galit na *business associates* niya.

“Hindi pa rin ba tumatawag si Divine?”

Umiling si Georgina.

“Hay naku, alam mo hindi dapat Divine ang ipinangalan diyan sa *shufatid* mo. Mas bagay sa kanya ang Lucifera! O kaya Satanica! Naku, kung nagkataong *sisterette* ko ’yan, hindi na niya kailangang magpa-Brazilian wax dahil kakalbuhin ko talaga pati ’yung—”

“Marimar!” putol niya sa litanya nito. “Kapatid ko pa



rin ang binabalahura mo.”

“Hmp! Eh, kasi naman...” Ang talim ng titig niya rito. “O sige na, sorry na uli. Nadala lang *akesh* ng emosyon ko.”

“Ano na ba’ng gagawin ko, Mari? Hanggang ngayon hindi ko pa nako-contact si Divine. Hindi ko alam kung nasaan na ang babaeng ’yun!”

“Ano kaya kung i-report na natin sa mga pulis? Baka na-kidnap na ang *mujer*! Or worst, baka na-salvage na siya!” Suminghap pa ng malakas ang binabae pagkatapos ay itinakip ang isang kamay sa bibig.

“Alam mo, hindi ka nakakatulong, eh! Lalo mo lang akong pinapakaba!” galit na singhal ni Georgina.

Nanulis ang nguso nito. “Uy, bago ko nga pala makalimutan, kaya *akesh* nagpunta dito kasi nakita ko si Mang Ambo na kausap si Kapitan.” Barangay captain nila ang tinutukoy nito. “Narinig kong binanggit ’yung name mo. Mukhang balak na yata ni *Thundercat* na magsampa ng reklamo laban sa iyo.”

Napaungol si Georgina at naisubsob ang mukha sa dalawang palad. Sa isip ay paulit-ulit niyang minura ang kapatid. “Ang labo namang kausap ng matandang ’yun! Sinabi ko naman sa kanya na babayaran ko siya paunti-unti!”

Bumuka ang bibig ni Marimar para mag-react nang biglang may kumatok sa front door.

*What now?* Napaungol na naman siya.

Apurado ang kumatok. Mukhang kulang na lang ay balyahin pabukas ang pintuan niya. Kinabahan siya bigla.

“Sino ’yan?” anang dalaga.

Bakit kasi wala man lang peephole ang pintuan niya? She reminded herself to install a chain lock, just in case.

“Si Amado Paraiso. Gusto kong makausap si Divine.”

Another disgruntled *business associate*?

Nagkatinginan sila ni Marimar. Gusto na niyang mag-panic. Bigla ay nag-shift sa pagiging masalimuot ang tahimik niyang buhay. And all because of her sweet, conniving little sister!

*Bitch!* nasambit ni Georgina sa isip. Parang gusto na niyang gawin ang kanina ay sinabi ng kaibigan—ang sabunutan ang kapatid hanggang sa maubos ang lahat ng buhok nito sa katawan.

Hayun na naman ang malalakas na katok.

“Georgie, ano’ng gagawin natin?” tanong ni Marimar.

“H-hindi ko alam!” Mayamaya ay itinulak niya ito palapit sa pinto. “Tingnan mo kaya?”

“Ha? Bakit *akesh*?”

“Sige na, tingnan mo lang kung sino.”

Napilitan itong alisin ang lock ng pinto. “Aayyy!” Napahiyaw ito at napaatras nang biglang itinulak ang pinto. Pumasok ang isang matabang lalaki na mukhang goon kasunod ang isang matandang naka-baston.

“Bestie... me *chakang julalay*.” Nahihintakutang nagtago sa likod niya ang binabae.

“Nasaan si Divine?” tanong ng matanda. He looked frail but his voice was still firm and unnerving.

“W-wala po siya dito. S-sino po ba kayo?”

“Ako si Amado Paraiso, kasintahan ko si Divine. At ikakasal na kami.”

“H-ho?” Wala naman siyang iniinom pero nasamid siya. Tumikhim si Georgina matapos ang sunud-sunod na pag-ubo. “B-boyfriend kayo ni Divine?”

The old man eyed her sharply. His lips were set into a thin line.

“I’m her fiancé. Tinanggap na niya ang marriage



proposal ko last week.”

Hindi pa rin siya makapaniwala. Pasimpleng pinasadahan niya ang kabuuan ng matanda.

Presentable naman ang hitsura nito. Halatang maykaya and in fairness, fluent mag-English. Pero kahit pa! Imposibleng pumatol si Divine sa isang senior citizen na!

“And she also accepted the diamond engagement ring I gave her.”

Daig pa ni Georgina ang sinakluban ng malamig na hangin. Parang may ideya na siya kung bakit ito pinatulan ng kanyang kapatid.

“And also my car.”

Unti-unti itong lumalapit sa kanya. Siya naman ay gusto nang lumubog sa kinatatayuan.

“At pagkatapos niyang makuha ang lahat ng gusto niya sa akin, hindi na siya nagpakita. Ni hindi rin niya sinasagot ang mga tawag ko.”

“A-ano, k-kasi...”

“Ilabas mo ngayon din ang kapatid mo!” he hollered.

Para silang dalawang daga ni Marimar na sumiksik sa isang sulok. “W-wala nga dito si Divine!”

Tumalungko sila nang lumapit ang mala-wrestler nitong kasama. Hinihintay na lang ni Georgina na tumama sa katawan niya ang unang suntok nito. Napahikbi siya. Di yata at mapupulbos pa ang beauty niya.

“Ano’ng ibig mong sabihin? Nasaan si Divine?”

“W-wala po siya dito! Isang linggo na siyang hindi umuuwi. At hindi ko pa rin siya nakakausap!”

Sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niyang sinenyasan ng matanda ang kasama. The man grabbed them by the arm and dragged them toward the sofa. Itinulak sila nito paupo.

Pumuwesto naman sa pang-isahang sofa ang matanda. Halata ang galit sa mukha nito. Naisip tuloy niyang baka atakihin ito sa puso. Mas malaking problema kapag nangyari iyon. Baka hindi lang estafa ang ikaso kay Georgina, madaragdagan pa ng attempted homicide, o di kaya ay serious physical injury.

“Eh, M-Mr. Amado... m-may sakit po ba kayo sa puso?” tanong ni Georgina. Para kasing nahihirapan na itong huminga.

He scowled at her. She clamped her mouth shut and meekly leaned back. Panay ang pisil ni Marimar sa braso niya. Pinandidilatan lang niya ito.

Napalingon silang muli sa matanda nang marinig itong humihingal. Animo hinahabol nito ang paghinga. Dinaluhan kaagad ito ni Maskuladong Alalay. Inabutan nito ng inhaler ang ama.

Patay na! Hikain pa yata.

Nang bahagya itong maka-recover ay muli itong nagsalita. “Kung talagang wala rito si Divine, hindi ko na siya hahanapin.”

*Hay salamat naman!* Hindi naman pala ito mahirap kausapin.

“Pero ibalik mo sa akin iyong diamond ring at ‘yung kotse.”

Napanganga si Georgina.

“Eh, wala naman sa akin ang—”

Ipinukpok nito sa sahig ang baston bago binirahan ng tayo. His expression was grim again. “Kung ganoo’y bibigyan kita ng isang buwan upang hanapin ang kapatid mo at bawiin sa kanya ang mga ninakaw niya sa akin. Kundi’y...” The old man maliciously scanned her body.

Napalunok siya sa pagkahindik sa nakitang pagnanasa



sa mga mata nito.

*Uugod-ugod na, me pagka-maniac pa din? Naku, Divine! Mapapatay talaga kita!*

“Kung hindi mo maibabalik sa akin ang hinihingi ko, ikaw ang magpapakasal sa akin.” Ngumisi ito at parang gustong bumaligtad ng sikhura ni Georgina. “Kunsabagay, mas maganda ka kay Divine. Hindi ba, Tomas?” Ngumisi rin ang huli. “Hanggang sa susunod na buwan.”

He tipped his head and then went out. Kabuntot nito ang maskuladong alalay.

Natarantang isinara muli ni Marimar ang pinto at ikinandado.

“Bestie, ano na gagawin mo ngayon?”

Naisabunot ni Georgina ang mga daliri sa buhok at iritadong sumigaw. Hindi niya alam kung ano ang mas matindi; takot, pag-aalala o galit. Isa lang ang malinaw sa kanya. She was in deep trouble! Way too deep!



“Nicolai, my friend!”

Napailing si Nick habang tatawa-tawa. Nakaupo siya sa kanyang opisina sa garrison nila sa *Fort Magsaysay* sa Palayan City, Nueva Ecija.

“Ellis Ferguson,” he said in a not-so-excited tone.

Nakilala niya si Ellis noong i-rescue nila ito mula sa kampo ng *Abu Sayyaf* sa Basilan. Dinukot ito ng armadong grupo mula sa isang resort ilang taon na ang nakakaraan. He headed the rescue mission then. Zero casualty ang priority nila.

Successful na sana ang operation, kung hindi lang nagpumilit si Ellis na balikan nila ang isa pang sinabi nitong hostage. Ayaw niyang maniwala. Ayon sa intel nila ay ito lang ang na-kidnap at ito lang ang target nila. But





he insisted na balikan ang kasama nitong babae. At para matahimik na lang ay sinunod niya ang gusto nito.

May nakakita sa kanila. And he ended up taking a bullet for him—a bullet and mortar shards shattering his femur. Because of the injury, he was removed from field duty.

“How’s the leg?” tanong nito.

Bukod sa permanent limp na hindi naman masyadong halata, “It’s fine,” ang bagot na sagot ni Nick. “Bakit ka nga pala napatawag?”

“Nabalitaan ko kasi na nag-resign ka na sa post mo.”

Napailing na siya. “Ang bilis talagang kumalat ng balita.”

Nick could almost see his wide grin.

Wala siyang problema kay Ellis. Mabuti itong tao kahit pa may pagka-impulsive at domineering. Ganoon lang talaga siguro ang mga mayayaman.

He was one of the most sought after bachelors in town. A successful construction magnate at the age of thirty-two. Kung hindi siya nagkakamali, nag-rank ito as number five sa Philippines’ Richest at may networth ng humigit-kumulang two billion US dollars. Ito rin ang dahilan kung bakit ito dinukot ng mga *Abu Sayyaf* rebels.

“So ano’ng plano mo kapag nakuha mo na ang release papers mo?”

Nagkibit-balikat siya na para bang nakikita siya nito. “Wala pang definite.”

“Bakit hindi ka na lang magtrabaho sa akin?”

Tumaas ang isang kilay niya. “Trabaho?”

“Yeah! I’m offering you a job,” ulit nito.



## *Chapter Two*

---

**B**odyguard? Naiiling pa rin si Nick. Inalok siya ni Ellis na maging stay-in bodyguard nito. Kahit hiwalay ang magiging apartment niya mula sa mansion at makakahati niya roon ang personal chauffeur ng amo, the compensation would be astounding; triple ng sinasahod niya bilang army major.

He arched one brow and leaned back on his chair. Hindi na masama. Maybe he would consider it. Tutal naman ay may isang buwan pa siya para mag-isip.

Hindi na niya sinabi kay Ellis na kanina ay naibigay na ang release papers niya. He was officially discharged from the army. Pero ayaw muna niyang isipin ang susunod na gagawin. Gusto niyang i-enjoy ang very much needed and long overdue R and R.

Tumayo na siya upang imisin ang kanyang mesa. Kahit paano ay nalulungkot siya. He would definitely miss a soldier's life. Pero hindi na rin siguro masama ang fifteen years na ipinaglingkod ni Nick sa bayan. Panahon na para pagbigyan naman niya ang hiling ng kanyang mama. Matagal na kasi nitong inuungot na mag-resign na siya sa serbisyo. At lalo pa itong naging makulit matapos siyang madisgrasya sa last field mission nila. Nakipag-bargain siya at nangakong aalis ng serbisyo on his thirty-fifth birthday.

Pumayag naman ito.

Napabuntong-hininga si Nick. A promise is a promise.

Kaya heto, as of 1300H, officially unemployed na siya.

He was back to being a civilian.

Bitbit ang isang kahon na naglalaman ng kanyang mga gamit, pumunta na siya sa pinagparadahan niya ng kanyang pickup. On his way ay nakasalubong niya si Major Hilario David, isa sa *mistah* niya.

“Tuloy ka na talaga, ha?” sabi nito.

“Oo.”

“Well, it certainly won’t be the same without you, but...” Niyakap siya nito at tinapik pa sa likod. “Good luck, Buddy.”

“Salamat, Pare. Paano, ’alis na ’ko. Bahala ka na sa mga bata,” tukoy niya sa mga enlisted personnel na nasa ilalim ng command nila. “I’ll keep in touch.”

Sumaludo siya sa kaibigan and they did their own unique handshake.



Nakapangalumbaba si Georgina habang si Marimar ay halos maubos na ang pagkain sa mesa.

“Kung tumakas na lang kaya ako, Mari?”

Hindi na talaga niya alam kung ano ang gagawin.

Sa wakas, na-contact din niya si Divine. Or mas tamang sabihing ito ang tumawag sa kanya. At ang balahura niyang kapatid, nasa Palawan pala.

Wala siyang kaalam-alam kung paano ito napunta sa nabanggit na lugar. Sumama ito sa isang kaibigan at doon nagtayo ng negosyo. Ginamit nito ang natirang pera mula sa halagang nalikom mula sa mga taong naghahabol ngayon sa kanya.

“*Naubos mo ang gan’un kalaking halaga?!*” Halos lumabas



na ang tonsil ni Georgina habang kausap ito sa telepono.

“Ate, hindi ko naman ginamit sa sarili ko ang pera.”

In-invest daw nito ang pera sa isang grupo na nakilala nito sa Facebook. Ginamit ng grupo ang pera ng mga investors para bumili ng mga shares of stocks, mga gemstones at valuable art pieces na naibebenta sa dobleng halaga. Mabilis daw ang ROI doon.

“Malay ko bang scam lang ’yun?”

“Diyos ko naman, Divine! Hindi mo ba ginamit ang utak mo? Alam mo, karma ang tawag diyani! Kasi manloloko ka din!”

“Ate naman...” ungot nito.

“Hoy, Divina! Huwag mo ’kong artehan! Alam mo ba kung gaano kalaking problema itong iniwan mo sa akin? Ako ang hina-harass ng mga taong niloko mo!”

“H-hindi ko naman sila niloko. At saka, ibabalik ko din ’yung mga pera nila.”

As if that should give her comfort. Bahaw siyang natawa.

“Ah, ganoon? At sa tingin mo sapat nang assurance ’yang sinabi mo para tigilan nila ako? Ano’ng ipapakita ko sa kanilang pruwera? Those people are threatening to sue me! Ako! Ako ang idedemanda nila! Naintindihan mo ba?”

Hindi ito kumibo. Mangiyak-ngiyak na si Georgina. Kung kaharap lang talaga niya ang kapatid, baka nasampal na niya ito.

“Kung bakit naman kasi ang lakas ng loob mong manloko ng ibang tao. Pero pangalan ko naman ang ginamit mo. Sinira mo’ng reputasyon ko, alam mo ba ’yun?” Hindi na niya napigil ang panginginginig ng tinig. She was really upset.

“A-Ate, sorry na. G-ginawa ko lang naman ’yun dahil gusto kong makatulong sa ’yo.”

She wanted to laugh hysterically. Trust her sister to turn a misdeed into an honorable excuse for sympathy. “May isa ka



pang iniwang problema! Iyong fiancé mo...”

“Si Tito Amado?”

Luka-luka na nga siguro ang kapatid niya. Ang weird naman ng endearment ng dalawa. Parang magtiyo lang?

“Hindi ko fiancé yun!” tigas ang tanggi nito.

“Tumanggap ka ng engagement ring sa hindi mo fiancé? At pati 'yung kotse? Really, Divine!”

“Ate, peke 'yung diamond ring na 'yun. At secondhand lang 'yung kotse. At hindi ko 'yun hiningi, kusa niyang ibinigay. Siya pa nga ang naghanap ng buyer. Naibenta lang namin ng forty thousand.”

“Hindi ganyan ang pagkakasabi sa akin ng matanda!”

“Sino ba'ng paniniwalaan mo? Ako o 'yung hikain na 'yun?”

“Pagkatapos ng ginawa mo, gusto mo talagang sagutin ko 'yan?” The line went silent. “Umuwi ka dito! Ayusin mo itong gulo na pinasok mo!”

“Hindi ko p'wedeng gawin ang sinasabi mo. Wala na sa akin ang pera. Kahit ibitin nila ako patiwarik, wala silang makukuha sa akin.”

“At ano'ng gusto mong gawin ko? Boluntaryong pumasok sa selda?”

“Ate, pakiusapan mo na lang sila. Babayaran ko rin sila, promise! Mag-iipon lang ako dito.”

Humigpit ang pagkakakapit niya sa cellphone. Wish lang ni Georgina na leeg ng kapatid niya ang pinipilit niya.

“Sige na, Ate. Paubos na ang load ko. Tatawagan na lang kita uli.”

Ni hindi na hinintay ni Divine ang sagot niya. Ngani-ngani niyang ihagis sa dingding ang cellphone. Pero naisip niyang sa kanya 'yun. Ilang buwan din niyang pinag-ipunan iyon 'tapos sisirain lang niya dahil sa inis sa pasaway na kapatid? Ano



*naman siya?*

"I'm serious, Mari. Iniisip ko na talagang umalis dito. Magtatago na lang ako. Siguro naman hindi na nila ako masusundan kapag lumipat ako sa ibang lugar."

"Sigurado ka? Kasi *akesh, wizel!* Bestie, ibang kaso pag *anda* ang pinag-uusapan. Sino'ng hindi mai-*imbey* kapag nahuthutan ng *kiao-kiao*?"

Gusto na niyang pumadyak at magwala na parang bata.

"Ano ba ang sabi n'yang sisterhood mo?"

Ikinwento niya rito ang pinag-usapan nila ni Divine.

"Na-*Carmi Martin* pa siya sa lagay na 'yun?" Tumawa ito at tumigil lang nang mapansing namumula na ang tungki ng ilong niya sa galit.

Tumikhim ito at pa-demure na umupo. Umikot ang mga mata ni Georgina. Mas madalas, panggulo lang itong kaibigan niya pero mabuti na ring narito ito. May shock absorber siya kahit paano.

"Ano'ng balak mo, ibenta *itetch*?" tukoy nito sa bahay niya.

No. She couldn't... wouldn't even think of selling the house. Iyon na lang ang natitirang alaala ng mga magulang niya sa kanila. If only she could find a way out of the mess that her sister put her into.

Things, as she expected, didn't turn out good for the following day. Ipinatawag siya ng barangay captain nila. Nagreklamo na nga si Mang Ambo laban sa kanya.

At para hindi na lang nito ituloy sa husgado ang demanda, sinabi niyang babayaran niya ang fifty thousand bago matapos ang linggo. Pinapirma pa siya ng promissory note. Wala tuloy siyang choice kundi ang isanla muna ang bahay at lupa niya sa bangko.

Two hundred thirty thousand minus fifty thousand?



One hundred eighty thousand na lang ang utang ni Georgina. Plus the diamond ring and of course, the car.

Mangiyak-ngiyak siyang napabuntong-hininga. How the hell could she pay for her debts? Wala na siyang trabaho. Tinanggal siya matapos ang iskandalo. Wala siyang pinagkakakitaan!

At ang higit na nakasasakit ng loob niya ay iyong naisanla niya ang bahay at lupa nila sa bangko. Kahit isang taon naman ang palugit para mabayaran niya ang utang, problema pa rin kasi nga wala siyang pagkukunan ng pera.

Puwede bang iuntog na lang niya ang ulo sa pader? Baka sakaling panaginip lang ang lahat at magising siya.

Nasa state of shock pa ang dalaga nang umentra na naman ang kaibigan niyang bakla. “Bestie!” eksaheradong tawag nito. Umupo ito sa harapan niya at nang hindi niya pansinin ay niyugyog siya nito.

“Bakit ba?” singhal niya sabay lukot ng mukha.

Umingos si Marimar. “Hmp! Mainit ang ulo. Me dalaw ka, *Teh?*”

She groaned. “Mari, alam mo naman kung gaano kalaki ang problema ko.”

“Kaya nga to the rescue ang beauty ko.” Excited itong tumabi sa kanya. “Ipapakilala kita kay Harmon.”

“Sinong Harmon? Bagong *jowa* mo?”

Umarko nang todo ang pekeng kilay nito. “Excuse me, hindi ko type ang *Duty Free*. At lalong hindi ako pumapatol sa *pamin*.”

Despite the gloominess of her situation, hindi na rin mapigil ni Georgina ang pagbulalas ng tawa. “Eh, sino nga ’tong Harmon na ’to? At saan mo na naman siya nakilala?”

“Best friend siya n’ung best friend kong *baklush!*”

“Ha?”



“Eniweyz! Nagtatrabaho siya bilang chauffeur.”

“Ano? Tsuper?”

“Gaga! Chauffeur as in capital C-H-A...” and he went on spelling the word. Naaaliw na nakinig lang siya. Mabuti na rin talagang narito si Marimar sa tabi niya. Parang may stay-in siyang stand-up comedian.

“Sus! Pinasosyal mo lang. Tsuper pa din ’yun. Driver as in D-R-I-V-E-R!”

“Alam mo, *nakakalurkey* ka!”

Bumunghalit na naman siya ng tawa.

“Oh, dali na. Itutuloy ko na. As I was saying, naghahanap si Harmon ng papalit sa kanya. Uuwi na kasi siya sa probinsya at ayaw siyang paalisin ni Sir Ellis niya hangga’t wala siyang naipiprisintang kapalit.”

“Ano naman ang kaugnayan ko diyan?”

“Naisip ko lang kasi, ba’t hindi na lang ikaw ang pumalit sa kanya? Tatal marunong ka namang mag-drive, di ba?”

Dati siyang may kotse. Pero naibenta nang minsang masunugan sila. Ginamit ni Georgina ang pera para ipaayos ang nasunog na bahagi ng bahay nila.

“Marunong naman. At hindi pa naman paso ’yung driver’s license ko.”

“Oh, di *wiz* na problema! Puntahan natin mamaya si Harmon.”

“Teka muna, sigurado ka ba diyan? Baka naman mahirapan ako.”

“Bestie, wala namang trabahong madali. Ang tanong, eh, kung gusto mo o hindi.”

Kunsabagay, wala na naman siyang choice kundi kuhanin ang pagkakataon.

“Ano, gusto mo ba?” tanong ni Marimar.



“Sige. Puntahan natin si Harmon mamaya.” Whoever that guy was.



Si Harmon ang tipo ng lalaki na kung keen observer ang isang tao ay mahahalata kaagad na may itinatago itong ‘other side’. Closet queen, ‘ika nga.

Maskulado ito. Matangkad at may hitsura rin naman. Iyon nga lang, may lantik ang pagpitik ng mga daliri. At may landi ang pag-arko ng mga kilay.

“Naku, paano ba ‘yan? Lalaki kasi ang hinahanap ni Boss Ellis.”

Nagkatinginan sila ni Marimar. Nalungkot din naman siya at nanghinayang.

“Sus! Para ‘yun lang? *Waley* problema. Ako’ng bahala dito kay Georgina. Isang araw lang, kaya ko siyang gawing si George.” Ang lapad ng ngiti ni Marimar. Literal na nagti-twinkle pa ang mga mata nito sa excitement.

“Eh, teka muna...”

“Kaya mo talaga, Mari? Kasi,” nagkamot ito ng ulo, “wala akong makitang puwedeng pagkatiwalaan ni Boss Ellis. Gahol na ‘ko sa oras. N’ung isang araw pa ako inexpect ni Mamang na umuwi sa Cebu.”

“Tekang muna!” awat niya nang akmang magsasalita na naman si Marimar. “Hindi ba delikado ‘yang iniisip mo, Mari? Ako, gagawin mong lalaki? Imposible ‘yun!”

“It’s not, Bestie. Konting overhaul lang sa looks mo, magmumukha ka nang boylet. At saka, di ba, kaya mong magboses-lalaki?”

“Kaya ko nga.” Isa iyon sa mga talents ni Georgina, kung talent ngang matatawag. Pero hindi iyon ang problema. “Pero hindi nga ako mukhang lalaki!”

“Oo nga naman, Mari. Tingin ko, masyado ngang



feminine ang mukha niya. At saka, ang liit ng katawan niya.”

“Ano ba kayong dalawa? Waley ba kayong bilib sa powers ko?”

“Ako wala. Ewan ko dito,” turo niya kay Harmon. Nagkibit lang ito ng balikat.

“Ikaw, Bestie, ha? Hina-hurt mo ang feelings ko!”  
Pinigil niyang mapatawa. “Ano ba kasi ang balak mo?”  
Ngumiti lang ito at iginalaw-galaw ang mga kilay.



## *Chapter Three*

---

Two days later, Georgina found herself in front of a very, attractive man, inside a very impressive office.

Lumunok siya upang pigilan ang paglalaway. Paano ba naman ay ngayon lang siya nakakita ng ganito kaguwapo na halos perpekto na ang features ng mukha. Iyon bang tipong kahit hindi maligo nang isang linggo ay mabango pa rin. At ang kutis? Dinaig pa ang kutis-artista, smooth and evenly tanned.

“So ikaw si,” binasa nito ang resume niya, “George Alcantara?”

Pasimple siyang tumikhim para alisin ang bara sa lalamunan. “Y-yes, Sir,” aniya, gamit ang boses lalaki na namaster na niya through the years.

Matagal din itong tunitig sa mukha niya. Kahit nahihiya ay pinilit niyang salubungin ang mga mata ng lalaki. Eyes the color of amber, deep-set and scorching.

*Diyos ko! Sana’y hindi niya mahalata ang disguise ko!*

Kinakabahan siya talaga. At nagig-guilty rin. Hindi niya gustong isipin kung ano ang gagawin nito oras na mabuko nitong hindi siya tunay na lalaki.

Ni sa hinagap ay hindi inisip ni Georgina na magagawa niyang manloko. Nagpagawa pa siya ng pekeng driver’s license sa Recto.



Wala sa sariling kinapa niya ang pekeng bigote. She had to give Marimar credit for her transformation. Kahit pa tigas ang pagtutol niya noong una.

Ang dating shoulder-length hair niya ay gupit-siete na ngayon. At nangingintab dahil sa hair gel. Maluwang ang suot niyang long-sleeve shirt na may matching gray tie. Bukod doon ay may suot pa siyang undershirt at sports bra. Mabuti na lang at 32A lang ang size ng boobs niya. Hindi masyadong halata.

And to complete her outfit, maluwang na trousers at itim na leather shoes ang ipinartner niya. At siyempre pa, iyong coat.

“Could you stand up?”

Nagtaka ang dalaga sa utos nito. Pero sumunod na rin siya. She straightened the imaginary crease on her trousers na umani ng magkasalubong na kilay.

Pangiwi siyang ngumiti. Dapat talagang i-program niya sa sariling lalaki siya sa harap ni Ellis Ferguson.

Lumapit ito at inikutan siya na para pang isa siyang magandang display sa isang department store.

“You’re a bit small, and a bit thin. Pero...” She secretly crossed her fingers. “You looked honest and trustworthy enough. At maganda ang mga sinabi ni Harmon tungkol sa ‘yo. I think you’ll do.”

Nanlaki ang mga mata ni Georgina. “Ibig n’yo pong sabihin?”

Tipid itong ngumiti. “You’re hired.”

Pinigil niya ang sarili kahit ang gusto niya ay magtatalon sa tuwa. “Salamat po, Sir.”

“Let me just make some things clear. Hindi ako mahigpit na amo. And I don’t require the strict etiquette demanded of your job. Although I will require you to wear a

uniform. Ang hinihingi ko lang sa mga tauhan ko bukod sa loyalty and honesty is discretion. I'd like my personal life to stay very, very private. Nagkakaintindihan ba tayo?"

"Makakaasa po kayo, Sir."

"Good!" Ayon na naman ang makatunaw-butong ngiti nito. "You're dismissed. Puntahan mo na lang si Donna sa reception. She'll brief you about the scope of your job."

"T-thank you po."



Ellis Ferguson stared at the retreating back of his new chauffeur. He looked weird. He even sounded weird. Masyadong malamya. Para itong... bakla! Hindi nga niya maintindihan ang sarili kung bakit tinanggap niya ito.

Napailing siya.

Oh well, wala naman siyang issue sa mga bakla. As long at nasusunod nito ang mga utos niya at nagagawa nang maayos ang trabaho, he could stay as his chauffeur.

Bigla niyang naisip si Nicolai. Kapag nag-umpisa nang magtrabaho sa kanya ang binata, he would be sharing an apartment with George. Hindi kaya ito magkaproblema?

Hindi naman siguro.

Hindi niya mapigilang matawa.



"Mari, hindi ka maniniwala sa ibabalita ko!"

Excited niyang tinawagan ang kaibigan kahit nasa taxi pa siya. Hindi na niya mahintay na makauwi pa sa bahay para makausap ito. Suot pa rin niya ang coat and tie.

"Tanggap na 'ko, Bru!"

Napangiwi siya nang bigla itong tumili. "O sige na. P'unta ka na lang sa bahay mamaya. D'un na lang tayo mag-usap. Pauwi na rin naman ako. Nasa taxi na ako."

Ini-end na ni Georgina ang tawag. Parang bata pa rin



siyang hindi mapakali sa upuan. Ito na siguro ang simula ng suwerte niya.



“Twenty *kiao*?” hirit ni Marimar nang magkita sila sa bahay niya.

“Yup. Twenty thousand pesos ang monthly salary ko.”  
His eyes widened in awe.

“At dahil stay-in ako, may sarili rin akong apartment na malapit lang sa mansion niya.”

Napasinghap ang bakla.

“At nakita ko na rin kung ano ang sasakyang ida-drive ko. It’s a 2011 *Mayback 62 Sedan*! Oh di ba, bongga?”

“Uhuh!” Exaggerated pa nitong binasa ng dila ang labi na para bang may pinaglalawayan itong pagkain.

“At hindi pa iyon ang bonus.” Talagang nag-e-enjoy siyang inggitin ang kaibigan.

“Yung boss ko na si Ellis Ferguson, susme!  
Makalaglag-panty ang looks, Teh!”

“*Dakota Harrison*?”

“Uhuh! Tall, dark and handsome!” Umawang ang bibig ng kausap niya. “At mukha siyang foreigner. Ganda ng mga mata!”

Tumili ito. “Puwede bang *akesh* na lang ang pumalit sa ‘yo? Marunong din naman *akesh* mag-drive ng *carrou*!”

Inirapan ito ni Georgina. “Lalaki ang kailangan niya, remember? Eh, matris na lang ang kulang, babaeng-babae ka na.”

Nanulis ang nguso nito. “Excuse me! Hindi pa ako nagwe-wave goodbye sa aking *nota* so lalaki pa rin ako. At saka, baket? Babae ka rin naman!”

“At least, kaya kong umarte na isang lalaki. Eh, ikaw? Kaya mo ba? Mas malandi pa ang tikwas ng balakang mo

kaysa sa akin pag naglalakad.”

“Pfft!”

Humagalpak siya ng tawa. “Seriously, Mari. Masaya ako na natanggap ako. Sana nga tuluy-tuloy na ito. At nang makabayad naman ako kahit paunti-unti d’un sa pinagkautangan ng kapatid ko.”

“Paano itong *balay* mo?”

Sumulyap siya rito at nagkibit-balikat. “Di ikaw muna ang tumira. Tatal naman, nakikitira ka rin lang d’un sa parlor. Dito ka na lang para may nag-aalaga pa rin nitong bahay kahit wala ako.”

“Talaga? Ipagkakatiwala mo sa beauty ko *itetch*?”

“Oo. Sa isang kundisyon. Huwag na huwag kang magdadala ng lalaki dito at malilintikan ka talaga sa akin!”

Ngumuso ito. Kapagkuwan ay ngumiti na rin.

Hindi pa roon natapos ang selebrasyon nila. Nagpabili si Marimar ng apat na *Tanduay Ice*, tig-dalawang bote sila. Doon na rin niya pinatulog ang kaibigan.

Kinabukasan, maaga pa lang ay nakagayak na si Georgina. Lilipat na siya sa apartment na tutuluyan niya sa loob ng *Ferguson Compound*. Tulad kahapon ay nakadamit panlalaki siya. Naiayos na rin niya ang kanyang buhok gamit ang hair gel, ang kulang na lang ay ang bigote. Saka na niya ilalagay iyon kapag nasa taxi na siya.

Nang magpaalam siya kay Marimar ay tigas ang iyak nito na para bang sa ibang bansa siya pupunta. Hindi na lamang niya ito pinansin. Matapos magbilin ay iniwan na ni Georgina ang kaibigan.



Alertong binuksan ni Georgina ang right passenger door ng sedan upang makasakay ang babae. Pagkatapos ay tumakbo siya sa left side at pinagbuxan naman ng pinto si



Ellis. Saka siya sumakay sa driver's side at minaniobra ang sasakyan palayo sa driveway ng five-star hotel.

Imbitado si Ellis sa isang social function. Birthday yata ng isang politiko kung hindi siya nagkamali ng dinig. Mag-isa lang itong dumating sa venue. Ngayon, heto at may kasama na ito pag-alis.

“Let's take a cruise, George.”

Alam na niya ang ibig sabihin ng kanyang amo.

Pinindot niya ang remote button para sumara ang panel na magbibigay ng privacy sa dalawang pasahero niya. And soon enough, narinig na niya ang impit na hagikgik ng babae hindi pa man tuluyang nakataas ang partition.

She shook her head in amazement.

Sa loob ng isang buwang nagtrabaho siya kay Ellis, nasanay na siya sa pagiging playboy nito. Noong una, naiilang pa siya sa tuwing nakakarinig ng halinghing ng babae sa backseat ng kotse.

What was with women nowadays? Hindi na makahintay na makapasok sa disentang silid? Pumapayag kahit sa backseat lang ng kotse?

Kung katulad naman ni Ellis, hayaan na!

Sabagay, sa dami ng babaeng nagnanasa sa boss niya, walang mararating ang isang babaeng magpapa-demure effect pa.

In fairness to him, hindi naman sa lahat ng oras ay ganito ang ginagawa ni Ellis. In fact, he was a very serious and dedicated businessman. Hindi na kasalanan ng boss niya kung babae na ang kusang lumalapit dito. And he had biological needs. Hindi nito puwedeng pigilan 'yun.

*Hay...*

Natatawa na lang siya kapag naaalala ang mga pantasya niya rito. They were harmless fantasies. Aminado



si Georgina na attracted siya sa amo. Masarap lang i-imagine kung ano ang feeling ng mahalikan at mayakap nito.

At para sa isang katulad niya na hindi man lang nakaranas magkaroon ng boyfriend in her twenty-seven years, gusto lang niyang maranasan ang mayakap at mahalikan, period! Pero iyong aasa siyang baka magmilagro ang tadhana at ma-in love ito sa kanya? Over na iyon!

Besides, ngayon lang na-realize ng dalaga na hindi si Ellis ang type niya. At iyong nararamdaman niya sa binata? Just a simple admiration. Crush. Infatuation.

“Definitely not love,” naibulong niya.

Nakadalawang ikot din siya sa *Quezon City Memorial Circle* nang katukin ng binata ang panel. Pinindot niya muli ang buton at nag-slide iyon pababa.

Pasimple siyang sumulyap sa rearview mirror.

Ellis looked immaculate as ever. Parang ni isang hibla ng buhok ay hindi nagulo. Except for the lipstick stain on his shirt collar, and the smug grin on his face, aakalain ninuman na walang nangyari.

The woman was another matter. Hindi ito magkandatuto sa pag-aayos ng nasirang hairstyle. Nabura ang makapal na makeup nito and there was a slight wetness on the front of her gown. And she did not seem to mind.

“Sa condo tayo.”

*Hmm... mukhang may part two pa, naisip ni Georgina.*

*Shut up and just drive, Georgie! Ano ba ang alam mo sa sex?*

Lihim na lang siyang napangiti.





What a day!

Pagkatapos, ipasok ang sedan sa garahe ay nilakad na ni Georgina ang may ilang dipang distansya papunta sa tinutuluyan niyang apartment.

Nagpaiwan na si Ellis sa condo at nagbilin na lang na sunduin niya bago mag-alas ocho ng umaga kinabukasan.

Siguro sobrang pagod lang siya dahil hindi niya napansin ang pickup na nakaparada sa sulok.

Nag-inat siya nang makapasok sa apartment. Isang welcome relief sa kanya ang malamig na buga ng air con at ang comfort na hatid ng mga amenities sa loob ng two-bedroom house na iyon. Bukod sa fully furnished, de-air con, may cable TV, may *WiFi*, may bathtub at water heater pa. Buhay-prinsesa siya kapag naroon. Wish niya lang talaga ganito ang house niya.

Muli siyang nag-inat na sinabayan pa ng ungol. Nakapapagod lang talagang mag-drive buong araw. Kahit pa sabihing luxury car ang minamaneho niya. Super hectic pa naman ang schedule ni Ellis. Lagi silang on the go.

She took her coat off absentmindedly at basta na lang iyon inihagis sa sofa. Nag-landing iyon sa isang travelling bag na hindi napansin ng dalaga.

With half-closed eyes, she walked to the kitchen. Doon na bumulaga sa kanya ang bulto ng binatang nakatayo sa tapat ng pinto ng banyo, binibistahan ang isa sa mga skimpy silk panties niya.

Nabitin sa lalamunan ang sigaw ni Georgina. Padaskol niyang hinablot mula sa kamay nito ang underwear at saka umatras uli.

“Sino ka? Paano ka nakapasok dito sa bahay ko?” galit na tanong niya. Alertong naghanap siya ng puwedeng ipangpukpok dito just in case magtangka ito nang masama.

“M-magnanakaw ka, ano?”

Stupid question. Unless dumaan ito sa ilalim ng lupa o nahulog mula sa ere, hindi nito mapapasok ang *Ferguson Mansion*. The compound was close to becoming a highly secured fortress.

Umangat ang isang sulok ng bibig ng kanyang kaharap. “Ikaw si George?”

Oh, my! Ang sarap naman sa pandinig ng tinig nito. Parang malamig na halu-halong pumatid sa kanyang uhaw.

*Ang corny mo, Georgina!*

“A-ako nga! Bakit mo ako kilala?”

Hindi niya namamalayang kipkip pala niya sa dibdib ang hawak na panties. Kaya naman pala nakakunot ang noo ng lalaki.

“Sa ’yo ba ’yan?”

*Oo! Bakit may reklamo ka?*

Tiningnan niya ang underwear. “Ito? H-hindi, ah! Bakit naman ako magsusuot ng ganito? Kalalaki kong tao!” She added a chuckle, para magtunog convincing ang drama niya.

“S-sa girlfriend ko ito.” Muntik nang mapangiwi si Georgina. “Oo! Sa kanya nga. Naiwan niya siguro n’ung natulog siya dito.”

Lalong nagsalubong ang mga kilay ng kaharap. “Nagpapasok ka ng babae dito? Alam ba ito ni Ellis?” Dinaig pa nito ang tono ng amo niya kapag nagiging bossy.

Nagpanting ang tainga ni Georgina. “Tekang muna. Sino ka ba, ha?” Nakapamaywang pa siya. “Kung magsalita ka, parang sa ’yo itong apartment.”

“Technically, although temporary lang, kalahati nga nitong bahay ang pag-aari ko,” he said with a mischievous grin on his face.



Humakbang ito palapit. At hindi niya maintindihan ang kabang naramdaman niya. Bakit ba ngayon lang niya napuna kung gaano kalaking tao ito? He was maybe, over six feet tall. Firm ang mga muscles sa braso, malapad ang dibdib, malapad ang balikat... Narrow waist and wide hips, and strong muscled thighs na bakat sa suot nitong jeans.

Taglay nito ang tipo ng katawan na hindi maa-attain sa extensive gym training. No! This man knew hard work. Iyon lang ang posibleng dahilan ng magandang physique nito.

And there was also this unsettling glint in his eyes that gave goosebumps all over her body. A less of a man would easily cower in front of this guy. He spelled danger in bold letters.

“S-sino ka nga?” ulit ni Georgina na sinikap huwag panginigan ng tinig. Parang kabayong nangangarera sa derby ang tibok ng kanyang puso.

The guy extended a hand, grinned and said, “Nicolai Durantes, Ellis’ new personal bodyguard, and... your new housemate!” pakilala nito.

Literal na nalaglag ang panga ng dalaga.

